

“Gahum, Kahimtangan, kag Bugal”: Isang Alternatibong Pagbasa sa Maagang Kasaysayan ng Misyong Baptist sa Pilipinas, 1898–1922¹ /

Power, Social Mobility, and Pride: An Alternative Reading on the Early History of Baptist Mission in the Philippines, 1898–1922

Kristoffer R. Esquejo
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman
kresquejo@up.edu.ph

Layunin ng papel na ito na maghain ng isang bagong pagpapakahulugan hinggil sa pananaw ng mga Pilipinong Bisaya kung bakit nila tinanggap, niyakap, at itinaguyod ang pananampalatayang Baptist noong unang dalawang dekada ng ika-20 dantaon. Gamit ang “kaloobang-bayan” bilang alternatibong lente sa kasaysayan, makikitang umakma ang mga layunin ng itinaguyod na “Social Gospel” ng Misyong Baptist mula sa Estados Unidos sa tatlong halagahin ng lipunang Bisaya. Dahil sa mga ipinatayong iglesya, paaralan, at ospital sa Kanlurang Bisaya, partikular sa Iloilo at Capiz, unti-unting nakamtan ng mga katutubo ang “gahum” (kapangyarihan) na maaari pang mauri sa tatlong magkakaugnay na mga larangan: “kinaadman” (kaalaman), “isug” (tapang), at “kusug” (lakas). Mula rito, nagbigay-daan ito sa “kahimtangan” (mataas na katayuang panlipunan) ng buhay bunga na rin ng pag-angat ng isang bagong uring panlipunan mula sa karukhaan. Napatunayan ito sa mga buhay at karera ng ilang piling politiko at propesyonal mula sa rehiyon bago at pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagkalipas ng ilan pang dekada, tuluyang nagresulta ito sa “bugal” (pagmamalaki) kaya nanatiling tapat sa pananampalataya ang mga sumunod na henerasyon ng mga Pilipinong Baptist sa kabila ng katotohanang nakaangkla ang Misyong Baptist sa kolonyalismong Amerikano.

Mga Susing Salita: ABMU, Kaloobang-bayan, Misyong Baptist, Pilipinong Bisaya, Social Gospel

This paper seeks to offer a new interpretation on the Filipino Visayans’ perspective as to why they accept, cherish, and propagate the Baptist faith during the first two decades of the 20th century. Using “kaloobang-bayan” (indigenous psychology) as an alternative lens in history, it can be proven that Social Gospel as espoused by the Baptist Mission from the United States has fitted to the three Visayan social values. Through the churches, schools, and hospitals established in Western Visayas, particularly in Iloilo and Capiz, the Filipino Visayans attained “gahum” (power) as attested in three domains: “kinaadman” (knowledge), “isug” (courage and bravery), and “kusug” (strength). These led to “kahimtangan” (high social status) of life due to the rise of a new social class. This was proven in the lives and careers of selected politicians and professionals from this region before and after World War II. After several decades, it eventually transformed into “bugal” (sense of pride) which explains why the succeeding generations of Filipino Baptists remained loyal to the faith despite the fact that Baptist Mission was associated with American colonialism.

Keywords: ABMU, Kaloobang-bayan, Baptist Mission, Filipino Visayan, Social Gospel

Panimula

Isang mahalagang ikutang-pangyayari ang taong 1998 sa kontemporaryong kasaysayan ng Pilipinas. Una, ginunita ang sentenaryo ng deklarasyon ng kasarinlan ng bansa laban sa Espanya noong Hunyo 12. Nagbigay-daan ito sa pagpapanumbalik ng interes sa mga paksang may kinalaman sa mga bayani, pangyayari, at kontrobersiya hinggil sa Himagsikang 1896 at Digmaang Pilipino–Amerikano. Ikalawa, sinariwa rin ang isang siglo ng imperyalismong Amerikano na hinudyatan ng pagdating ng hukbong militar ng Estados Unidos noong Mayo 1, 1898. Sinabayan din ito ng pagtatasa ng iba't ibang iskolar, dayuhan man o katutubo, sa pangmatagalang epekto ng Amerikanisasyon sa maraming aspekto ng lipunang Pilipino.

Sa kabilang banda, isang mahalagang yugto rin ang taong 1998 sa kasaysayang panrelihiyon ng Pilipinas. Sa sumunod na dalawang dekada ay naging kapansin-pansin ang pagsulputan ng iba't ibang aklat pangkasaysayan na sinulat mismo ng mga Pilipinong iskolar. Kakikitaan ito ng kritikal na pagbabalik-tanaw at pagtimbang sa samotsaring ambag ng mga misyong Amerikano sa mga iglesyang Protestante sa bansa. Hindi rin nila pinalampas ang pagtuligsa sa tradisyonal na historiograpiyang panrelihiyon na namamayani ang tinig at perspektiba ng mga misyonero tungkol sa kasaysayan ng kani-kanilang gawaing pagmimisyon (Maggay 2011). Katunayan, tinukoy ni Eduardo M. Lapid, isang pastor at manunulat, ang problematikong gawi ng mga dayuhan kung bakit naging mabagal ang paglago ng Protestantismo sa bansa:

...In the country, we recently celebrated the centennial of evangelical Christianity. Think of it—we've had 100 years of Christianity. If we are honest with ourselves, we Filipino Christians need to admit we have not really made a dent in this country. We are still a cowering minority, partly because the Christianity that has been perpetuated in this country is the American version. There's nothing wrong with the American version, if it is used in an American setting. But transplanting it here—head, body and tail-insensitive to the culture, mores and traditions of the people, lessens the saltiness, the effectiveness, and the power of the Gospel. (68–69)

Sa kaso ng Misyong Baptist na orihinal na ipinunla sa Kanlurang Bisaya, hindi rin naman nagkulang ang ilang Pilipinong pastor-iskolar na tuligsain sa kani-kanilang mga tesis at disertasyon ang ganitong kinagisnang gawi at kalakaran. Nagtampok sila ng mga bagong temang pangkasaysayan at maka-Pilipinong perspektiba na hindi binigyang-pansin ng mga naunang historyador na misyonerong Amerikano (Bunda 1999; Jalando-on 2003; Diesto 2014).

Sa ganang ito, ang pag-aaral na ito ay naghahain ng isang alternatibong pagbasa sa maagang kasaysayan ng Misyong Baptist sa Pilipinas, partikular sa yugto mula 1898 hanggang 1922. Gamit ang multi-disiplinaryong lapit, partikular ang lente ng kaloobang-bayan, layunin nito na sagutin ang sentral na tanong na: Paano tinanggap ng mga Pilipinong Bisaya ang pananampalatayang Baptist sa unang dalawang dekada ng yugto ng kolonyalismong Amerikano? Upang matugunan ito, narito ang tatlong sekundaryang tanong: (1) Ano-ano ang mga ipinatupad na mga ministryo ng Misyong Baptist alinsunod sa isinulong nilang "Social Gospel"?; (2) Ano-ano ang mga halagahing panlipunan ng mga Pilipinong Bisaya, partikular sa Kanlurang Bisayas, na naging batayan nila sa kanilang pagtanggap sa bagong pananampalataya?; at (3) Sino-sino ang magagandang halimbawa ng mga Pilipinong Baptist na nakinabang sa simulaing "Social Gospel" at nakatikim ng pag-angat ng buhay sa lipunan at politika? Inaasahang makatutulong ang bagong pag-aaral na ito sa pagpapalawak at pagpapalalim ng pag-unawa sa mga lokal at panloob na pananaw na matatagpuan sa laylayan ng historiograpiyang Pilipino.

Ang Kaloobang-bayan bilang Alternatibong Lente

Maiuugat kay Vicente C. Villan, isang historyador, ang dalumat ng "kaloobang-bayan." Tinatawag ding "kinagisnang sikolohiyang panlipunan," layunin nitong bigyang-saysay ang kapuwa aktibo at pasibong aksiyon ng mga Pilipino sa iba't ibang yugtong pangkasaysayan. Naghahain ito ng alternatibo at panloob na pagtingin sa kasaysayan upang maitampok ang mga nasiil na mga konseptong sikolohikal, sosyolohikal, at pangkalinangan ng mga Pilipino sa pangkalahatan. Kalakip din nito ang paninindigang maituturing ang "kaloobang-bayan" bilang nakapangyayaring salik na humubog sa mga pangyayaring pangkasaysayan (73).

Ang ganitong lente ay orihinal na inilapat ni Villan sa kontekstong pangkasaysayan at pangkalinangan ng Kanlurang Bisaya sa kabuuang yugto ng kolonyalismong Espanyol. Natuklasan niyang nakaugat sa tatlong katutubong konsepto ng sikolohiyang panlipunan ang paliwanag kung bakit at paano nakipag-ugnayan ang mga Pilipinong Bisaya sa mga mananakop na Espanyol—(1) “pagpapailub” (pagpapakumbaba at pagpaparaya), (2) “pag-unong” (pagiging matapat), at (3) “pag-aamok” (pagbulalas ng kinuyom na galit). Matatandaang maagang nakipag-alyansa sa mga dayuhan ang mga Panayanhon sa pangunguna nina Raha Madidong at Raha Maricabug noong Enero 1570. Napagtibay ito sa pamamagitan ng ritwal ng “pakikipag-anghod” (kilala rin bilang sanduguan o “*blood compact*”) na nagbigay-daan sa matatag at matagalang pagtutulungan ng dalawang hukbo para sakupin ang Luzon, bakahin ang mga Moro sa Mindanao, at magsagawa ng serye ng ekspedisyong militar sa loob at labas ng kolonya. Sa mahabang panahon ay nanaig sa mga taga-Kanlurang Bisaya ang “pagpapailub” at “pag-unong” sa mga dayuhan (Villan 84–89).

Lalo pang napag-ibayo ang malapit na ugnayang ito dahil sinuklian ng mga positibong pagbabago ng pamahalaang kolonyal na Espanyol ang katapatan ng mga taga-Kanlurang Bisaya noong ika-19 na dantaon. Kasama rito ang pagbubukas ng pandaigdigang daungan sa Lungsod ng Iloilo (1855) at ang implementasyon ng Repormang Maura (1893), parehong hakbang na nagresulta sa pagtamasa ng kaginhawahan ng buhay ng mga katutubong elit. Dahil sa mga natamasang pag-unlad at pagkamal ng malaking kayamanan, naitanghal ang Lungsod ng Iloilo bilang “Queen City of the South.” Bilang pagtugon dito, masugid na pinondohan ng mga elit na Ilonggo ang pagpapadala ng Ilonggo Volunteer Battalion sa Luzon bilang ayuda sa puwersang Espanyol laban sa mga rebolusyonaryong Tagalog noong Disyembre 1896 (Villan 95–97). Nagresulta pa ang hakbanging ito para igawad ni Reyna Maria Cristina ng Espanya ang titulong “La Muy Leal y Noble Ciudad” sa Lungsod ng Iloilo noong Hunyo 11, 1897 (Hernandez 145–148).

Sa kabilang banda, kapansin-pansin na naging magkasalungat ang tugon ng elit at masa ng Kanlurang Bisayas sa panahong ito. Maagang tumalikod sa Espanya ang mga karaniwang Panayanhon at Negrense na pinatunayan ng kanilang aktibong pakikilahok noong Himagsikang 1896. Kinabibilangan ito ng

pag-iral ng mga sangay ng Katipunan sa Aklan at Capiz, at ng mga samahang milenaryan gaya ng mga Pulahanes at Babaylanes. Naramdaman nila ang di-pantay na pagtrato mula sa kanilang dating kalyado lalo’t tanging mga elit na Ilonggo lamang ang tunay na nakinabang sa mga patakarang kolonyal, partikular ang kanilang mga negosyo at lupain na pawang nakaangkla sa umuusbong na industriya ng asukal. Dahil dito, sumibol at isinabuhay nila ang “pag-aamok” bilang pangatlo sa tatlong katutubong konsepto ng sikolohiyang panlipunan na pinatunayan ng kanilang malawakang pakikilahok sa “ribuk sa pungsud” (pambansang himagsikan). Naghangad silang muling makamtan ang dating tinatamasang kalayaan at kaginhawahan noong sinaunang panahon (Villan 76–79).

Gamit ang isang alternatibong lente at perspektiba mula sa mga taga-loob, naniniwala ang manunulat na ito na makapaghahain ng isang bagong pagpapakahulugan ang pag-aaral na ito sa konteksto ng Kanlurang Bisayas sa pagsisimula ng Misyong Baptist noong 1900 hanggang 1922 kung kailan matatag nang nakatayo ang iba’t ibang institusyon sa maraming larangan.

Ang Social Gospel Noong Ika-19 na Dantaon

Bilang isang denominasyong Protestante, nakapaloob at nakatatak sa pangalang Baptist ang isang malalim na pagkakakilanlang hinubog ng mahabang karanasan sa pagsusulong ng ilang doktrinang panteolohiya at gawaing pagmimisyon. Mula Europa at Inglatera, ang mga unang kasapi nito ay dumating at nagsikalat sa iba-ibang bahagi ng Estados Unidos. Sa dakong huli, ang kanilang pagpupunyagi ay nagbigay-daan sa pagsilang ng mga organisasyong pangmisyon at ilang pangkating panrelihiyon noong ika-19 na dantaon. Alinsunod sa simulaing “Social Gospel,” kanilang napalago ang kanilang bilang at impluwensiya sa iba’t ibang panig ng daigdig kasama na ang pagkabuo ng Misyong Baptist para sa Pilipinas noong 1898.

Kilala ang mga Baptist bilang tagapagsulong ng tinatawag na “Baptist Distinctives.” Ito ay tumutukoy sa mga paninindigang nagpatanyag sa kanilang bukod-tangi at hiwalay na pagkakakilanlan sa hanay ng mga pangkating Protestante. Kung susuriin, ang mga ito ay pinagsanib na mga paniniwalang nakaugat sa katuruan ng Bibliya at mga prinsipyong hinubog ng kanilang historikal na pakikibaka laban sa mga estado,

simbahan, o sinumang may kapangyarihan. Kasama dito ang mga sumusunod: una, ginagawaran nila ng pinakamataas na pagpapahalaga ang otoridad ng Banal na Kasulatan; ikalawa, naniniwala sila sa kaligtasan ng kaluluwa sa pamamagitan lamang ng pananalig kay Hesukristo; ikatlo, nagsasagawa sila ng ritwal ng bawtismo sa pamamagitan lamang ng paglubog ng buong katawan sa tubig; ikaapat, nagtataguyod sila ng isang anyo ng pangasiwaang pang-iglesya na ang kapangyarihan ay tanging nasa kongregasyon ng mga kasapi; at ikalima, nagtataguyod sila ng prinsipyong "*religious liberty*" o kalayaan sa pagsamba (*Baptists Together in Christ* xv).

Kung babalikan ang mahabang kasaysayan ng mga Baptist, matagal na silang mulat sa kahalagahan ng gawaing pagmimisyon bilang pagtupad sa utos ni Kristo na maipalaganap ang Kaniyang ebanghelyo sa buong daigdig. Unang naging aktibo sa larangang ito ang mga Ingles na Baptist noong huling dekada ng ika-18 dantaon. Isa sa pinakakilalang misyonero galing Inglatera ay si William Carey (1761–1834) na matagal na nangaral sa India at nakilala bilang "Father of Modern Missions." Maliban dito, napabantog din siyang repormista na nagsulong at nakapagdulong samotsaring pagbabago sa lipunan ng mga Indiano. Bunga ng kaniyang dedikasyon at reputasyon, unti-unti niyang nahikayat ang pamahalaang kolonyal na Ingles na wakasan ang maraming tradisyong itinuturing niyang mapaniil at tatak ng patriyarkiya. Kasama rito ang pagpapahina sa Sistemang Caste at pagbabawal sa "*infanticide*," "*self-torture*," "*ghat murders*," at "*sati*" (Potts 19, 140–156, 158–159).

Sa kaso ng mga Amerikanong Baptist, ang pinakaunang misyonerong may malaking ambag sa mga Asyano ay si Adoniram Judson (1788–1850). Bagama't dating Congregationalist, nahikayat siyang maging Baptist habang nasa India at naging tagasuporta ni Carey sa dakong huli. Kalaunan, nagmisyon siya sa Burma at naging tagapagsalin ng Bibliya sa wikang Burmese. Upang suportahan ang gawain ni Judson, hinangad ni Luther Rice (1783–1836), isa pang misyonerong Amerikano, ang malapit na pagtutulungan ng mga nagsasariling iglesyang Baptist sa Estados Unidos para sa gawaing pagmimisyon. Taong 1814 nang magpulong at magkasundo ang mga ito na pondohan ang pangangailangang pinansiyal ni Judson. Ang makasaysayang pangyayaring ito ay kolektibong tinawag na "The General Missionary Convention of the Baptist Denomination in the United States of America

for Foreign Missions (mas kilala bilang Triennial Convention) na nagtayo naman ng "Baptist Board of Foreign Mission for the United States." Sinundan naman ito ng pagkatatag ng dalawa pang samahang may kinalaman sa gawaing pagmimisyon: American Baptist Publication Society (ABPS) noong 1824 at American Baptist Home Mission Society (ABHMS) noong 1832 (Hill 146–152, 211–220).

Sa kabila ng mga kolektibong pagkilos na ito, dumanas ng malaking pagkakabaha-bahagi ang mga iglesyang Baptist sa Estados Unidos pagkalipas lamang ng ilang dekada bunga ng mainit na isyu ng pang-aalipin sa mga Itim. Nag-ugat ito sa isang resolusyon ng lupon ng mga direktor ng Triennial Convention na nagbabawal sa sinumang nagmamay-ari ng mga alipin na maglingkod bilang misyonero. Gaya ng inaasahan, mahigpit itong tinutulan ng mga taga-Timog na patuloy na nabubuhay sa lipunang agrikultural at nakasandig sa tradisyonal na puwersahang lakas-paggawa. Para sa kanila, ang pang-aalipin ay isang midyum umano upang maibahagi ng mga panginoong maylupa ang ebanghelyo sa kanilang mga alipin. Sa kabilang banda, agad itong kinatigan ng mga taga-Hilaga na namumuhay sa urbanisadong pook at tuluyan nang tumalikod sa ganitong kalakaran. Para naman sa kanila, ang pang-aalipin ay isang mapanghamak na instrumento na nagdudulong ng pagkawala ng dignidad ng tao sa mata ng Diyos. Bagama't sinubukan ng iba't ibang panig na humantong sa isang kompromiso, kusa nang bumitaw at humiwalay ang mga taga-Timog. Bunga ng kanilang galit at pagkadesmaya, sila ay nagbuklod at nagbagong-tatag sa ilalim ng bagong organisasyon na nakilala bilang Southern Baptist Convention (SBC) noong Mayo 8, 1845. Nagdesisyon naman ang mga naiwang taga-Hilaga na bumuo ng bagong saligang-batas at muling binyagan ng bagong pangalan ang General Missionary Convention (GMC) bilang American Baptist Missionary Union (ABMU) simula Nobyembre 20, 1845 (Hill 208–210).²

Pagkalipas lamang ng isang taon, mayroon nang pinopondohang 99 na misyonero at manggagawa ang ABMU na nakakalat sa Burma (Myanmar), Siam (Thailand), Tsina, India, Aprika, Pransiya, Alemanya, Denmark, at Gresya (Hill 210). Lalo pa itong lumakas sa mga sumunod na taon. Pagsapit ng 1896, humigit-kumulang 16,549 na katao ang nabawtismuhan ng ABMU at ito ay 27 bahagdan ng kabuuang bilang ng naitalang bawtismo ng mga misyong Protestante sa buong mundo sa taong iyon. Sa parehong taon, umabot

na rin sa 2,400 ang bilang ng kanilang naitayong himpilan, at 942 ang kanilang mga misyonero kabalikat ang 4,061 katutubong mangangaral na nakakalat sa Burma, Assam, India, Tsina, at Hapon (Sunderland 547–550, 629–631, 663–665).

Mainam pansinin na isang malaking salik sa matagumpay na mga gawaing pagmimisyon ng ABMU ay ang pagkatig nito sa simulaing “Social Gospel.” Ito ay nakaugat sa progresibong pananaw at pagkilos ng mga Amerikanong Protestante bilang kongkretong reaksiyon sa mabilis na pamamayani ng materyalismo at kapitalismo sa kasagsagan ng Rebolusyong Industriyal sa Estados Unidos noong huling hati ng ika-19 na dantaon.³ Para kay Charles H. Hopkins, isang Amerikanong manunulat, ganito ang depinisyon ng Social Gospel:

(It) is the application of the teaching of Jesus and the total message of the Christian salvation to society, the economic life, and social institutions as well as individuals. It involved a criticism of conventional Protestantism, a progressive theology and social philosophy, and an active program of propagandism and reform. It reached its climax in the optimistic pre-war years of the 20th century. (3)

Makikita sa mga talang pangkasaysayan na isa si Walter Rauschenbush (1861–1918), isang lider na Amerikanong Baptist na may dugong Aleman, sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng Social Gospel. Mababasa ang kaniyang mga ideya sa tatlong sariling akda: “Christianity and the Social Crisis” (1907), “Christianizing the Social Order” (1912), at “A Theology for the Social Gospel” (1917). Bilang pastor sa isang iglesyang Baptist sa New York, personal niyang nasaksihan ang karalitaan at pang-aabusong idinulot ng industriyalisasyon sa mga karaniwang tao. Naniniwala siya at ang kaniyang mga kapanalig na may kapangyarihan ang ebanghelyo na baguhin ang mga personal na buhay ng sinumang tao. Nanindigan din sila na ang mga taong binago nito ay dapat magtulungan upang baguhin ang mga tiwaling estruktura sa lipunan (Hill 242–243).

Alinsunod sa mga mithiin ng Social Gospel, itinampok ng ABMU ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paglulunsad ng tatlong magkakaugnay na mga ministeryo na binubuo ng “preaching” (pangangaral), “teaching” (pagtuturo), at “healing” (pagpapagaling). Ang unang ministeryo ay

nakatutok sa pagtatayo ng mga iglesya. Ang ikalawang ministeryo ay nakapokus naman sa pagtatayo ng mga paaralan. Ang ikatlong ministeryo naman ay nagbigay-pansin sa pagtatayo ng mga ospital. Sa pamamagitan ng mga ito, nilayong makapagdulong ng holistikong transpormasyon ang ebanghelyo sa mga katutubong tatanggap sa bagong pananampalataya hindi lamang sa aspektong espirituwal kundi maging sa mga aspektong intelektuwal at pisikal. Matagumpay na nila itong naipatupad sa Burma, India, Congo, Tsina, at Hapon bago pa man magbukas ang gawaing pagmimisyon sa Pilipinas noong 1900 (Clymer 18–20; Jalandon 49; Maggay 58).

Paglalata ng Misyong Baptist sa Kanlurang Bisaya

Ayon kay Nestor D. Bunda (47–51) isang pastor at historyador ng CPBC, mas nararapat kilalanin ang taong 1898 kaysa 1900 bilang taon ng pagsilang ng Misyong Baptist. Bagama’t aktuwal na dumating sa Lungsod ng Iloilo ang pangkat nina Rev. Eric Lund at Pastor Braulio Manikan noong Mayo 3, 1900, dapat lamang umangbig na habang nasa Espanya pa ay sinimulan na ang pagpapalaganap at paghahanda sa gawaing pagmimisyon sa Pilipinas dalawang taong mas maaga kaysa rito.

Kung susuriing mabuti, may apat na natukoy na dahilan kung bakit sa Iloilo itinatag ang himpilan ng ABMU sa Pilipinas. Una ay salik na ekonomiko. Gaya ng nabanggit na, itinuturing noon na orihinal na “Queen City of the South” ang Iloilo lalo’t kinikilala itong pinakamayamang lungsod pagkatapos ng Maynila (McCoy 300–301). Ikalawa ay salik na politiko-militar. Taong 1900 ay halos patapos na ang Digmaang Pilipino–Amerikano sa Kanlurang Bisaya habang nasa kasagsagan pa ng kaguluhan ang malaking bahagi ng Luzon (Nelson at Skoglund 25). Ikatlo ay salik na panrelihiyon. Mahalagang lokasyon ang Jaro, Iloilo (espesipikong distrito na kinatatayuan ng tanggapan ng ABMU) dahil dito mismo matatagpuan ang tanggapan ng Arsobispado ng Jaro kasama ang katedral at seminaryo, patunay na ito ang kinikilalang sentrong panrelihiyon ng Katolisismo sa Kanlurang Bisaya (Brown 65). Ikaapat ay salik na pangwika. Si Manikan, ang Pilipino mismong isinugo mula Espanya, ay tubong-Ibajay, Capiz (ngayon ay Aklan), nakapag-aral at bihasa sa wikang Hiligaynon, isang malaking bentahe sa planong pagsasalina ng Bibliya sa isa sa mga pangunahing wika sa Pilipinas (Lund 535).

Gaya ng inaasahan, mayroong limang hamong kinaharap ang Misyong Baptist sa unang dalawang dekada nito. Una ay ang tropikal na klima ng Pilipinas na nagdudulot ng pagkakasakit nang malubha ng mga misyonerong Amerikano na nasanay manirahan sa maginaw na lugar. Katunayan, mayroon silang mga supling na naipanganak sa bansa subalit nagkasakit at maagang pumanaw sa kamusmusan (Brown 235–236; Briggs 1913). Ikalawa ay ang paglaganap ng mga epidemya sa Kanlurang Bisayas gaya ng kolera noong Agosto 1902. Nagresulta ito sa pagkasawi ng maraming Pilipino, Baptist man o hindi, at pansamantalang pagkabalam ng mga gawain (Huse 156–157; de Bevoise 6). Ikatlo ay ang mababang kalidad ng transportasyon na idinadaing ng mga misyonero kaya nahihirapan silang abutin ang mga interyor na bayan at nayon sa Panay (Liham ni Briggs kay Barbour 21 Disyembre 1900; Liham ni Briggs kay Huntington 23 Nobyembre 1908). Ikaapat ay ang atrasado at di-regular na pagpapadala ng suportang pinansiyal para sa mga misyonerong nasa bansa. Mas pinasidhi pa ito ng pagtaas ng antas ng pamumuhay at pagdanas ng ibayong lungkot bunga ng matagal na pagkawalay sa sariling pamilya (Liham ni Briggs kay Barbour 23 Disyembre 1902; Liham ni Briggs kay Mabbie 8 Hulyo 1901). Ikalima ay ang pagtitiwalag mula sa mga prayle at pag-uusig mula sa mga debotong Katoliko. Marami sa mga katutubong kasapi, pastor man o hindi, elit man o hindi, ay nakaranas ng pananakot, pamboboykot, panggigipit, pananakit, pagkakakulong, kamatayan, at pagkaitan ng karapatang mailibing sa mga sementeryong Katoliko. Higit pang lumalala ang mga pangyayaring ito dahil diumano sa baluktot na sistema ng katarungan sa lokal na antas (Liham ni Briggs kay Merriam 11 Abril 1901).

Dahil sa mga hamong nabanggit, ganito inilarawan ni Henry W. Munger, isang misyonerong Amerikano, ang mga katangiang dapat taglayin ng isang mangangaral na Protestante sa panahong iyon:

The life of a Protestant, and especially a Protestant worker, is not a bed of roses in a Catholic country. A preacher or a colporteur has to have courage and fortitude and be prepared to meet insults, rebuffs, and even physical injury. When a colporteur of the American Bible Society went into this same town hall to sell Bibles, the “presidente” literally took him by the nape of the neck and threw him down the stairs. In those days a colporteur needed the toughness of an ox, the wisdom of a serpent, the gentleness of a dove, the patience of Job, and the persistence of St. Paul. (44)

Gayunman, unti-unting lumago ang gawaing pagmimisyon bunga na rin ng pagdating ng mas maraming bilang ng misyonero, patuloy na pagpapadala ng suporta sa aspektong pinansiyal at lohistika, at positibong pagpabor ng pamahalaang kolonyal na Amerikano sa mga misyong Protestante na nasa bansa. Sa dakong huli, nagbunga ang pamumuhunan ng oras, lakas, at pondo ng Misyong Baptist na nagbigay-daan sa pagtatayo, pagmamay-ari, at pangangasiwa ng iba’t ibang anyo ng paaralan, bahay-ampunan, dormitoryo, at ospital (Bunda 399–400).

Sa mga taong 1901 at 1922, narito ang talaan ng iba’t ibang institusyong naitayo ng Misyong Baptist sa Pilipinas, partikular sa Panay at Negros (Liham ni Dowell kay McVeigh 16 Marso 1925; Liham ni Munger kay Franklin 10 Pebrero 1930):⁴

Pangalan ng Institusyon	Lokasyon	Taon ng Pagkatatag
1. Boys’ Dormitory	Bacolod, Occ. Negros	1904
2. Home School	Capiz, Capiz	1904
3. Central Philippine College	Jaro, Iloilo	1905
4. Girls’ Dormitory	Bacolod, Occ. Negros	1905
5. Nurses’ Training School	Iloilo, Iloilo	1906
6. Mission Hospital	Iloilo, Iloilo	1907
7. Missionary Training School	La Paz, Iloilo	1908
8. Emmanuel Hospital	Capiz, Capiz	1912
9. Nurses’ Training School	Capiz, Capiz	1912
10. Dunwoody Dormitory (panlalaki)	La Paz, Iloilo	1915
11. Student Center (simbahan at dormitoryong pambabae)	La Paz, Iloilo	1921

Kaugnay nito, ganito ang obserbasyon ni Melba P. Maggay, isang antropologo, kung bakit pangkalahatang nagtagumpay ang mga misyong Protestante gamit ang Social Gospel:

...They built schools and dormitories as a way of combating widespread ignorance and influencing a new generation with their own values. In a time when the people survived disease by a combination of ancient medical lore and superstitious practices, they built hospitals and introduced modern health habits. The initial reaction of the people to these innovations were mixed, but eventually they earned the confidence and respect of the local population. This wellspring of goodwill in turn served as bridge towards the Protestant faith, attracting many converts. (58)

Tugon ng mga Pulahanes

Sa puntong ito, mainam ding bigyang-pansin at itampok ang katutubong pananaw kung bakit nga ba niyakap ng mga karaniwang Pilipinong Bisaya ang pananampalatayang Baptist sa kabila ng katotohanang nakaangkla ang huli sa kolonyalismong Amerikano. Gamit ang “kaloobang-bayan,” maipaliliwanag ito ng tatlong halagahin ng lipunang Bisaya na litaw na litaw sa kanilang kasaysayan at kultura: una ay “gahum” (kapangyarihan); ikalawa ay “kahimtangan,” (mataas na kalagayan); at ikatlo ay “bugal” (pagmamalaki). Magkakaugnay ang tatlong halagahing nabanggit dahil magsisilbing tuntungan lamang ang “gahum” bilang unang antas upang matamo ng isang indibidwal ang ikalawang antas na “kahimtangan” na sa dakong huli ay magbibigay-daan din naman sa ikatlo at pinakamataas na antas—ang “bugal.”


Ayon sa diksiyonaryo ni Fr. John Kaufmann, MHM, ang “gahum” ay kasing-kahulugan ng mga katagang Hiligaynon tulad ng “ako,” “dumala,” “pangulo,” “tatap,” “gamhanan,” “makagagahum,” “palangakoan,” at “pangolohan.” Maitutumbas ito sa mga katagang Ingles gaya ng “power,” “might,” “authority,” “control,” “rule,” “command,” “supremacy,” “right,” “warrant,” “dominion,” “sway,” at “sovereignty” (Kaufmann 125). Makakamtan naman ang “gahum” sa pamamagitan ng alinman sa tatlong larangan na maaaring matagal nang angkin o maaari rin namang taglayin ng isang tao: una ay “kinaadman” (kaalaman

at karunungan) na maitutumbas bilang “learning,” “knowledge,” “wisdom,” “education,” at “cleverness”; ikalawa ay “isug” (katapangan at kagitingan) na maitutumbas bilang “bravery,” “valour,” “courage,” “nerve,” at “grit”; ikatlo ay “kusug” (lakas, tatag, at tibay) na kasing-kahulugan ng “strength,” “power,” “might,” at “bravery” (Kaufmann 192, 230, 242).

Sa kabilang banda, ang “kahimtangan” ay itinitutumbas naman sa mga katagang Hiligaynon na “kabtangan” at “kahamtangan,” at katumbas ng mga katagang Ingles na “position,” “rank,” “state,” “condition,” at “circumstance.” Samantala, ang “bugal” ay kasing-kahulugan ng mga katagang Hiligaynon na “dayaw” at “pagkamatinaastaason” at maitutumbas sa mga katagang Ingles na “pride,” “haughtiness,” “vainglory,” “arrogance,” “loftiness,” “insolence,” at “overbearing conduct” (Kaufmann 77, 203). Kung tutuusin pa nga, tunay na naiiba ang kahulugan ng “bugal” (pagmamalaki) sa “dungog” (dangal) dahil ang unang kataga ay tumutukoy sa kalagayang nakakamit ng isang indibidwal dahil sa sariling pagkukusa at pagpapakasakit samantalang ang huling kataga ay tumutukoy sa isang bagay na matagal nang taglay ng isang indibidwal bago pa siya isilang sa mundong ibabaw.

Upang mas malinaw, tingnan ang dayagram sa ibaba:

Tumpak na tumpak ang ganitong pagpapaliwanag sa kaso ng mga pinakaunang kasaping Baptist sa Kanlurang Bisayas. Sa tatlong larangan ng “gahum,” masasabing “isug” (tapang at giting) ang unang pangunahing salik na nagtulak sa mga Pulahanes, isang milenaryang pangkat ng Panay, na tanggapin ang bagong pananampalataya. Sa kanilang pananaw, hindi lamang ang pagdating ng Misyong Baptist noong 1900 ang aktuwal na katuparan ng habiling propesiya ni Padre Juan, ang kinikilalang banal na tao ng mga Pulahanes, kundi taglay at dala-dala rin ng una ang kapangyarihang taglay ng mga tinatawag na “busalian” at “dalagangan.”⁵ Sa isang banda, makikita mismo ang personipikasyon ng isang “busalian” sa karakter ni Labaw Donggon, isa sa mga pangunahing bayani ng epikong Sulod ng Panay, at kakikitaan ng paggamit ng “agimat” o “anting-anting.” May kaugnayan din dito ang “dalagangan” na tumutukoy naman sa pinakamakapangyarihan sa hanay ng mga katutubong babaylan na may kakayahang mag-utos sa puwersa ng kalikasan, magkaloob ng proteksiyon laban sa mga armas, lumipad sa himpapawid, at magpalabas ng tubig



Modelo 1. Tatlong Halagahin ng Lipunang Bisaya

mula sa puso ng isang bangkay na tao (Meñez 96–97). Kung papansinin pa, ganito ang pinapaniwalaang taglay na katangian ng mga bantog na katutubong lider panrelihiyon sa Kanlurang Bisaya, kasama na ang mga pangkating milenaryo at puwersang rebolusyonaryo, na pawang nagpamalas ng di-karaniwang kakayahan sa harap ng mga kapanalig at kaaway. Kabilang dito sina Estrella Bangotbanwa at Agustin Baladhay ng Antique, at Papa Isio at Juan Araneta ng Negros Occidental (Magos 32–35; Geremia-Lachica 45–51).

Mga Praktikal na Pakinabang

Matutunghayan naman sa mga larangan ng “kinaadman” (kaalaman at karunungan) at “kusug” (lakas, tibay, at tatag) ang mga praktikal na pakinabang ng mga Pilipinong Bisaya nang makapagtayo na ang Misyong Baptist ng iba’t ibang institusyon sa mga lungsod ng Capiiz, Iloilo, at Bacolod simula 1904.⁶ Kasama sa ministeryo ng pagtuturo ang mga paaralan (kasama rito ang Bible School, Baptist Missionary Training School, Baptist Home School, Jaro Industrial School, isang eksklusibong paaralan para sa kababaihang elit, at mga dormitoryo para sa parehong kasarian) habang kabilang naman sa

ministeryo ng pagpapagaling ang dalawang ospital, klinika, at dalawang eksklusibong paaralan para sa mga nars (Beaver 166).

Kaugnay nito, naging kabalikat at katuwang ng pamahalaang kolonyal na Amerikano ang mga institusyong ito sa ilalim ng Misyong Baptist hindi lamang sa pagtataguyod ng intelektuwal at pisikal na pag-unlad ng mga Pilipino kundi sa paglikha din ng isang bagong uring panlipunan. Naging tuntungan ng maraming Baptist ang Amerikanisadong uri ng edukasyon, mapa-pribado man o publiko, upang umangat at magsilbing bagong gitnang uri sa lipunang Ilonggo at tuluyang mapasok ang lokal at pambansang politika sa kabila ng mababang pinagmulan. Ibig sabihin, epektibong naging tulay ang “gahum,” partikular ang “kinaadman,” upang makamtan ang “kahimtangan” (mataas na kalagayang panlipunan).

Ilan sa magagandang halimbawa na nabago ng edukasyon at pagbabagong-loob na hatid ng Misyong Baptist ay ang mga sumusunod. Una rito ay si Jorge B. Vargas (1890–1980). Tubong Bago, Negros Occidental, siya ay naging kalihim tagapagpaganap ng Pamahalaang Komonwelt at naging isang mataas na opisyal ng Ikalawang Republika sa anino ng Okupasyong Hapones. Gayunman, nakasaad sa isa

niyang talambuhay na anak siya ng isang tagapangasiwa ng tubuhan at minsan siyang nanirahan sa Baptist Dormitory habang nag-aaral sa Rizal Institute (ngayon ay Negros Occidental High School) (Saulo 22–24, 41, 65). Ang karanasang ito mismo ang tinutukoy niyang dahilan na nagdulot ng malaking impluwensiya sa kaniyang liberal na pananaw sa buhay at pagiging kritikal sa Katolisismo. Katunayan, nadala niya ito sa Unibersidad ng Pilipinas kung saan niya sinulat ang sanaysay na “The Philosophy of the Filipino Peasant” na nailathala sa pahayagang *College Folio* noong 1911:

In an interview Vargas gave on the controversial essay, he admitted that his liberal outlook stemmed from his having lived in the Protestant mission dormitory. He then reasserted his criticism of the Filipino peasants’ practice of praying in Spanish or Latin, languages they did not understand. Finally he stressed a philosophy common to all Protestant churches: “Everyone should pray in his own way, and not merely adopt stereotyped prayers except, of course, the Lord’s Prayer, the Hail Mary, and the Credo which are in the Bible. (22)

Ikalawa ay si Patricio V. Confesor (1900–1979). Tubong Cabatuan, Iloilo, siya ay itinalagang gobernador ng Iloilo at halal na kinatawan ng ikatlong distrito ng sariling lalawigan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bagama’t nagmula sa isang karaniwang pamilya, siya ay nabigyan ng pagkakataong makapag-aral sa Harvard University at Newton Theological Seminary sa Estados Unidos. Sa dakong huli, siya ay naging pastor at nagtaguyod ng ministryo sa ilalim ng Misyong Baptist noong 1937. Gaya ng kaniyang nakatatandang kapatid na si Tomas, pumasok din siya kalaunan sa lokal na politika (Sonza 136–139; Munger 82, 91).

Ikatlo ay si Gabriel K. Hernandez (1904–1954). Tubong Capiz, Capiz (ngayon ay Lungsod Roxas), siya ay dalawang ulit naglingkod bilang gobernador ng Capiz at kilala sa kaniyang ginawang pagtakas patungong isla ng Sibuyan upang makaiwas sa puwersang Hapones. Maaga siyang naimpluwensiyahan ng pananampalatayang Baptist dahil sa kaniyang pag-aaral sa Capiz Mission School. Bagama’t matagumpay na nakapasok at namayani sa lokal na politika, nanatili siya bilang aktibong lider ng simbahan na humantong pa sa pagiging pangalawang pangulo ng CPBC (Contreras 152–153; Meyer 102, 109–112; Meyer

59–61, 785–787). Katunayan, ganito siya inilarawan bilang matapat na kapanalig ng mga misyonero:

...He and Dr. (Frederick) Meyer were very close friends, and through his influence the latter was made an “adopted son of the province,” an honor that had at that time come to no other Baptist missionary in the Philippines. They collaborated closely not only in things religious, but in everything that concerned the welfare of the province. Through the governor’s influence the provincial hospital, instead of being erected in the capital of Capiz, which would have drawn patients away from the mission hospital, was established in another town, thus serving a wider area and keeping the Capiz field open to the Baptists. (Munger 82)

Ikaapat ay si Vicente T. Remitio (1901–?). Tubong Saravia (ngayon ay Enrique Magalona), Negros Occidental, siya ay hinirang ni Pangulong Manuel A. Roxas bilang alkalde ng Lungsod ng Bacolod sa loob ng kulang-kulang dalawang taon. Maliban sa pagiging abogado, siya ay naglingkod din bilang pangulo ng West Negros College at isa sa matataas na lider ng mga iglesyang Baptist. Orihinal siyang nagmula sa isang malaking pamilya at nakapag-aral sa Jaro Industrial School kung saan siya nahikayat yakapin ang pananampalatayang Baptist. Ganito ang kaniyang paglalarawan sa kaniyang mahalagang desisyon sa kaniyang buhay:

My stay in that school left a great impact on me. As one of the principal objectives of the founders was to evangelize the youth through education, the study of the Bible was a required subject...My study of the Scriptures had a powerful impact on my faith, and I began to get interested in the new religion—Protestant (Baptist) Christianity. Moreover, the life (sic) of our American missionary teachers impressed me and influenced my thoughts about spiritual matters...So when our teacher, Miss Bertha Houger, confronted me one evening with the question of my eternal destiny through Jesus Christ, I readily surrendered my life to the Redeemer. (9)

Maliban pa kay Remitio, mainam ding banggitin na maraming kabataang estudyante ang minsang

nanirahan sa mga dormitoryong Baptist at naging propesyonal sa dakong huli. Ito ay ang mga sumusunod: Estanislao Padilla Sr. na naging direktor ng Young Men's Christian Association (YMCA) sa Maynila; Dr. Gregorio Tingson na naging sikat na ebanghelista; Rev. Ernesto H. Ungcho; Hukom Juan Gratia; Dr. Gumersindo Garcia na naging pangulo ng Philippine Federation of Christian Churches (PFCC); Prop. Jose V. Aguilar ng UP College of Education, Hukom Gaudencio Occeño, Pastor Alfonso Plumaje, Amb. Manuel Adeva, Atty. Juan Aritao, Hukom Jesus Y. Perez, Gonzalo Guillen, Amb. Tiburcio Baja, at Alfredo Garcia (Munger 81; Remitio 103; Nollido 3–4).⁷

Sa pangkalahatan, ang mga pagbabagong panlipunan at pampolitika na idinulot ng Misyong Baptist sa ilang henerasyon ng mga kasapi nito ay nagdulot ng ibayong "bugal" (pagmamalaki). Ang samotsaring institusyong naitayo ay pawang naging simbolo ng kahusayan at kabutihang-loob ng Misyong Baptist, na pinaghugutan naman ng pagmamalaki at dahilan na rin kung bakit nanatiling tapat sa pananampalataya ang mga Pilipinong Bisaya na Baptist. Kaugnay nito, lubos na naramdaman din ng mga Amerikanong gaya ni Munger ang ibayong pagmamalaki sa tagumpay na natamo ng Jaro Industrial School pagkalipas lamang ng apat na dekada:

The writer attended the commencement exercises of the college when R. Fred Chambers was installed as president. The auditorium was packed with a representative audience of the elite of the city; the members of the faculty and graduating class were all in cap and gown; the well-trained mixed choir rendered high-class music, both local and instrumental; a wealthy sugar planter, Don Ramon Lopez, president of the Board of Trustees, presided; the Honorable Tomas Confesor, governor of Iloilo and the Honorable Gabriel Hernandez, governor of Capiz, and a member of the Baptist Church had short addresses. It was a far cry from the Jaro Industrial School of 1905. (Regalado at Ortigas 12)

Kinahinatnan ng Misyong Baptist

Pagsapit ng 1935, pormal na itinatag ang Convention of Philippine Baptist Churches (CPBC) bilang kompromiso sa pagitan ng mga misyonerong Amerikano at mga Pilipinong Baptist na lider na

puspusang nakibaka para sa Filipinisasyon ng liderato. Bagama't unti-unting nakakatindig sa sariling paa ang bagong tatag na organisasyon, nabalam ang mga pagpupunyaging ito nang mangyari ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gaya ng inaasahan, maraming ari-arian ng Misyong Baptist at ng CPBC ang nakatikim ng lubos o bahagyang pagkasira sa mga sektor ng kalusugan at edukasyon. Pagkatapos ng giyera, nagsipagbalikan naman sa bansa ang maraming misyonero galing Estados Unidos habang nagdagsaan naman ang iba pang misyonero galing Tsina (Bunda 385–388; Regalado at Ortigas 29, 110).

Sa isang banda, maraming institusyong pag-aari ng Misyong Baptist ang naibenta sa Lungsod ng Iloilo bago pa ang giyera dahil sa negatibong epekto ng "Great Depression" sa larangan ng pananalapi. Kasama rito ang dating loteng kinatitirikan ng Iloilo Mission Hospital at Nurses' Home na orihinal na binili ni G. Hodges sa halagang PhP100,000.00 at matatagpuan sa Kalye Iznart at Kalye Aldeguer, at ang loteng dating kinatatayuan ng Dunwoody Dormitory na orihinal na binili sa halagang PhP50,000.00 at ngayon ay lokasyon ng Western Institute of Technology (Liham ni Munger kay Franklin 10 Pebrero 1930).

Sa kabilang banda, nagpatuloy ang operasyon ng dalawang ospital at dalawang paaralan ng Misyong Baptist. Taong 1925, pormal nang iniwan ng Misyong Presbyterian ang Kanlurang Bisaya bilang pook ng pagmimisyon at tuluyang lumipat na sa Silangang Bisaya. Kabilang sa pagkilos na ito ang pagbili ng Misyong Baptist sa karapatang pag-aari ng una sa Union Mission Hospital (naging Iloilo Mission Hospital simula 1924) (Nelson at Herradura 36).

Gaya ng nabanggit na, patuloy na namayagpag ang Capiz Emmanuel Hospital sa pangangasiwa ni Dr. Meyer kalakip ang pagtangkilik ng mga lokal na opisyal. Katunayan, ito ay nagsilbing U.S. Service Hospital dahil naging puntahan ito ng mga sundalong Amerikano na nagkakasakit habang nakahimpil sa Panay (Meyer 180–184).

Naitaas naman bilang "junior college" ang Jaro Industrial School noong 1923 at naging instrumento ng transisyon ng sinumang estudyante, babae man o lalaki, mula sekundaya tungong kolehiyo. Kalakip ang mataas na pamantayan ng pagtuturo, nagbigay-daan din ito sa pagpapalago ng ilang disiplina. Pagsapit ng 1953, pormal nang iginawad ang estado ng pagiging pamantasan nito at mula noon ay nakilala bilang Central Philippine University sa pangangasiwa ng

ilang misyonerong Amerikano (Nelson at Herradura 31, 79–100, 107–111).

Bagama't nabalam ng giyera ang operasyon ng Baptist Home School, nakapagbukas na agad ito ng mga klase noong 1945. Batay sa ilang rekomendasyon, dinagdagan ng dalawang taon ang sekundarya upang maging ganap na kumpleto ang departamento ng mataas na paaralan pagsapit ng 1947. Unti-unti ring naibalik ang dating pisikal na anyo ng paaralan gamit ang pondong kaloob ng WABFMS. Taong 1948 naman nang pormal itong itinaas bilang Filamer Christian Institute (Bunda at Stanford 41–46, 62).

Para kay Alfredo Q. Gonzalez, mayroong apat na pangunahing ambag ang mga institusyong pang-edukasyon na itinatag ng mga misyong Protestante: una ay ang pagmamahal sa manwal na paggawa na datirati ay tinatratong napakababa subalit nagpapatibay sa moralidad ng tao at nagpapabuti sa kabuhayan ng bansa; ikalawa ay ang prinsipyo ng demokrasya o ang ideya na may kalayaan at pagkakapantay-pantay, at may kinalaman din sa masiglang paghahangad ng kaalaman at paghahanap ng katotohanan; ikatlo ay ang diwa ng paglilingkod na orihinal na matututuhan ng kabataan sa mga misyonerong nagpamalas ng katangiang ito at magbibigay-daan sa pagtatamo nila ng Kristyanong layunin sa buhay; at ikaapat ay ang mga halagahing moral at relihiyoso na hindi lamang basta-basta isinasaulo nang paulit-ulit at isinasabuhay sa pamamagitan ng proseso ng pagkatuto (Regalado at Ortigas 109).

Kongklusyon

Naipakita ng papel na ito ang dalawang perspektiba hinggil sa maagang kasaysayan ng Misyong Baptist sa Pilipinas mula 1898 hanggang 1922. Maituturing na tradisyonal, ang unang perspektiba ay taglay ng mga misyonerong Amerikano na tahasang itinatanghal ang Social Gospel bilang sandigan ng tatluhanang ministeryo ng “pagtuturo,” “pangangaral,” at “pagpapagaling.” Ito umano ang susi kung bakit sila naging matagumpay sa gawaing pagmimisyon sa Kanlurang Bisaya. Kalakip ang iba't ibang institusyong gaya ng iglesia, paaralan, at ospital, ipinangangalandakan nila sa kani-kanilang mga ulat, liham, at opisyal na kasaysayan ang kanilang tagumpay na makuha ang loob at katapatan ng mga Pilipinong Bisaya.

Matatawag na alternatibo, ang ikalawang perspektiba naman ay nahihinuha sa lokal at panloob na pananaw.

Gamit ang kaloobang-bayan bilang isang lente sa pag-aaral ng kasaysayan, naitampok ng pag-aaral na ito ang bagong pagpapakahulugan na ang tagumpay ng ebanghelisasyon ng Misyong Baptist ay bunga ng pagtutugma ng Social Gospel sa tatlong halagahing panlipunan ng mga Pilipinong Bisaya. Natumbok at umakma ang kanilang tatlong ministeryo sa “gahum” at tatlong larangan nito (“kinaadman,” isug,” at “kusug”) na minimithing makamit ng mga Pilipinong Bisaya upang mapabuti ang buhay habang nasa ibabaw ng daigdig. Una, ang mga iglesia ay tumugon sa kanilang pangangailangang espiritwal, partikular sa masalimuot na panahon sa maagang yugto ng kolonyalismong Amerikano. Ikalawa, ang mga paaralan ay nagresulta sa transpormasyong intelektuwal, dahilan upang bumuti ang kanilang katayuan sa buhay at lumikha ng bagong uring panlipunan. Ikatlo, ang mga ospital ay nagsilbing instrumento upang makaranas sila ng kagalingang pisikal, dahilan upang humaba ang kanilang buhay sa daigdig. Kung gayon, hindi na nakapagtataka na ang mga nabanggit na pakinabang ang ugat ng malalim na “bugal” ng mga kasapi para sa kanilang bagong pananampalataya.

Talahuli

- ¹ Ang papel na ito ay hinalaw sa disertasyon ng may-akda na may pamagat na “Convention of Philippine Baptist Churches (CPBC): Isang Kasaysayang Institusyonal, 1935-1980.” Lubos na pinapasalamatan ng may-akda ang Office of the Chancellor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, sa pamamagitan ng Office of the Vice Chancellor for Research and Development (OVCRD), sa paggawad nito ng suportang pinansiyal sa ilalim ng Ph.D. Incentive Grant.
- ² Taong 1907 nang magbuklod ang mga iglesyang Baptist sa hilaga ng Estados Unidos bilang Northern Baptist Convention (NBC). Kaakibat nito ang pagpapaigting pa ng sistematikong suporta sa gawaing pagmimisyon. Taong 1910 naman nang mareorganisa ang ABMU sa bagong pangalan nitong American Baptist Foreign Mission Society (ABFMS). Kaakibat nito ang Women's American Baptist Foreign Mission Society (WABFMS) simula 1871 na may hiwalay na kapangyarihang magdesisyon sa pagpapadala ng mga dalagang misyonera. Nagsimula naman ang gawaing pagmimisyon ng SBC sa Pilipinas pagkatapos na ng giyera.
- ³ Gaya ng inaasahan, marami rin ang tumuligsa sa mga ideya ng Social Gospel. Ayon sa ilang kritiko, mas naitatampok umano ang pagiging “social” kaysa

pagiging “*gospel*” bunga ng pagbibigay ng mas malaking pansin at diin sa mga resultang panlipunan habang napapabayaang na ang gawain ng pangangaral. Pagsapit ng dekada 20 at dekada 30, sumiklab ang “Modernist–Fundamentalist Controversy” na naging mapanghati sa iba’t ibang denominasyong Protestante sa Amerika. Ang mga tagapagsulong ng Social Gospel ay tinawag na mga liberal at modernista habang ang mga tagapagsulong ng “Pure Gospel” na may diin sa pagbabalik sa mga batayang turo ng Bibliya ay binansagan namang pundamentalista. Naramdaman din ito sa hanay ng mga iglesyang Baptist sa Pilipinas.

- 4 Taong 1901 pa nang mag-isang naitatag ng Misyong Presbyterian ang Mission Hospital. Bagama’t dating karibal ng Misyong Baptist sa Lungsod ng Iloilo, naging magkatuwang ang dalawa sa pagtataguyod ng nasabing ospital simula 1907. Naging parehong may-ari ng Dunwoody Dormitory ang dalawang pangkat noong 1915 hanggang sa naging sariling pag-aari na lamang ito ng Misyong Baptist noong 1925. Sa kasamaang-palad, isa ito sa mga naibentang ari-arian bunga ng Great Depression noong unang hati ng Dekada 30. Hindi na rin naisama sa talaan ang Baptist Private Academy ni Bb. Bissinger at ang Jaro Kindergarten ni Bb. Lagergren na parehong nagsara nang umuwi sa Estados Unidos ang mga tagapangasiwa nito.
- 5 Tubong Camarines, si Padre Juan ay isang co-adjutor na nadeestino sa Panay noong 1850 at nanirahan sa kabundukan nito habang nangangaral. Dahil sa kaniyang napabalitang pagmimilagro at pagpapagaling, lubos siyang iginalang at sinunod ng mga katutubong pesante subalit ikinabahala ng mga prayle. Taong 1870, siya ay inaresto at ikinulong sa Iloilo. Sa dakong huli, dinala siya sa Maynila at tuluyang ipinatapon ng pamahalaang kolonyal na Espanyol sa Palawan kung saan siya namatay. Tingnan ang *Census of the Philippine Islands* 1905, 525.
- 6 Maagang naobserbahan ng mga misyonerong Baptist na magkaiba ang pagtugon ng mga Negrense kung ihahambing sa mga Panayanhon. Bagama’t mainit ang pagtanggap ng una sa ebanghelyo sa bandang una, nagiging panandalian lamang ito at napupunta rin sa kawalang-saysay. Dahil dito, hindi naging madali ang pamumunga ng kanilang mga sakripisyo sa Negros maliban na lang kung nahikayat nila ang mga mayayamang asyendero ng tubo upang magsilbing tulay na makapakinig din sa kanilang pangangaral ang mga manggagawa sa mga plantasyon.
- 7 Patuloy na makikita at mararamdaman ang puwersa ng mga Pilipinong Baptist sa politika ng Kanlurang Bisaya kahit pagkatapos ng giyera. Katunayan, dalawa sa tatlong kandidatong Baptist na tumakbo sa pagka-delegado para sa Constitutional Convention ng 1971 ay nagwagi. Sila ay sina Dr. George H. Viterbo, bantog

na doktor ng Capiz Emmanuel Hospital, para sa Capiz at Dr. Gregorio J. Tingson, pastor-ebanghelista at tumakbong nagsasarili, para sa Negros Occidental. Sa kasamaang-palad, hindi pinalad si Dr. Rex D. Drilon, noo’y pangulo ng Central Philippine University, para sa Iloilo at nagresulta umano sa kaniyang di-inaasahang maagang kamatayan.

Sanggunian

- Baptists Together in Christ 1905–2005: A Hundred-Year History of the Baptist World Alliance*. Baptist World Alliance, 2005.
- Beaver, Raymond W. *Partners in Mission: American Baptists and Philippine Baptists in Mission Together, 1900–1985*. ABC Printing Center, 1988.
- Briggs, Charles W. *The Progressing Philippines*. Griffith and Rowland Press, 1913.
- Brown, Arthur J. *The New Era in the Philippines*. Fleming H. Revell Company, 2011.
- Bunda, Nestor D. “A Mission History of the Philippine Baptist Churches 1898–1998 from a Philippine Perspective.” 1999. University of Hamburg. Disertasyon sa Theology.
- Bunda, Nestor D. at Winnifred A. Stanford. *Filamer Through the Years: A Centennial History of Filamer Christian College 1904–2004*. Filamer Christian College, 2004.
- Census of the Philippine Islands (Volume 1 Geography, History, and Population)*. United States Bureau of the Census, 1905.
- Clymer, Kenton J. *Protestant Missionaries in the Philippines, 1898–1916: An Inquiry into the American Colonial Mentality*. University of Illinois Press, 1986.
- Contreras, Edward B. *Capiz: Prospect and Retrospect*, 2nd Ed. Capiz Book Center, 2006.
- de Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemic Disease in the Colonial Philippines*. New Day Publishers, 2002.
- Diesto, Genaro D. Jr. *The Contextualization: An Agenda for the Churches*. Central Philippine University, 2014.
- Geremia-Lachica, Ma. Milagros C. “Osting Baladjay: Superman in the Context of Colonial Dominance,” *Palayag: Selected Papers from the Proceedings of the 7th Conference on West Visayan History and Culture*. Center for West Visayan Studies–UP Visayas, 1999.
- Hernandez, Policarpo F. *Iloilo, The Most Noble City: History and Development 1566–1898*. New Day Publishers, 2006.
- Hill, D. Leslie. *Faithful and Free: Baptist Beliefs Through the Years*. Church Strengthening Ministry, Inc., 2011.
- Hopkins, Charles H. *The Rise of the Social Gospel in American Protestantism, 1865–1915*. Yale University Press, 1940.
- Huse, Stephen S. Jr. “April News,” *Baptist Missionary Magazine* 83, blg. 4, Abril 1903, mp. 156–157.

- Jalando-on, Francis Neil G. *A History of Philippine Baptist Pastors, 1898–2002*. Central Philippine University–Institute of Advanced Theological Studies, 2003.
- Kaufmann, John. *Visayan-English Dictionary: Kapulungan Binisaya–Iningles*. La Editorial, 1934.
- Lapiz, Eduardo M. *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity*. Kaloob, 2010.
- Liham ni Rev. Briggs kay Dr. Barbour (Disyembre 21, 1900). 1900–900 FM 80 Box 81 Folder 1. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Rev. Briggs kay Dr. Barbour (Disyembre 23, 1902). 1901–1910 FM 181 Box 100 Folder 12. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Rev. Briggs kay Rev. Huntington (Nobyembre 23, 1908). 1901–1910 FM 181 Box 100 Folder 12. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Rev. Briggs kay Rev. Mabbie (Hulyo 8, 1901). 1901–1910 FM 181 Box 100 Folder 12. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Rev. Briggs kay Rev. Merriam (Abril 11, 1901). 1901–1910 FM 181 Box 100 Folder 12. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Bb. Dowell kay Bb. McVeigh (Marso 16, 1925). 1920–1929 FM 237 Box 217 Folder 1. American Baptist Historical Society Archives.
- Liham ni Rev. Munger kay Dr. Franklin (Pebrero 10, 1930). 1930–1934 FM 297 Box 336 Folder 1. American Baptist Historical Society Archives.
- Lund, Eric. “Letters,” *Baptist Missionary Magazine* 76, blg. 10, Oktobre 1899, p. 535.
- Maggay, Melba P. *A Clash of Cultures: Early American Protestant Missions and Filipino Religious Consciousness*. Anvil Publishing Inc, 2011.
- Magos, Alicia P. *The Enduring Ma-aram Tradition: An Ethnography of a Kinaray-a Village in Antique*. New Day Publishers, 1992.
- McCoy, Alfred W. “A Queen Dies Slowly: The Rise and Decline of Iloilo City.” *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, inedit nina McCoy, Alfred W. at Edilberto C. de Jesus. Ateneo de Manila University, 1982.
- Meñez, Herminia Q. *Explorations in Philippine Folklore*. Ateneo de Manila University Press, 1996.
- Meyer, Milton W. *Capiz Emmanuel Hospital, 1908–1943*. The Paige Press, 2005.
- . *Letters Home: The Meyers and Capiz, 1919–1943*. The Paige Press, 2003.
- Munger, Henry W. *Christ and the Filipino Soul: A History of the Philippine Baptist, 1900–1945*. ABC Printing Center, 1967.
- Nelson, Linnea A. at Elma S. Herradura. *Scientia et Fides: The Story of Central Philippine University*. Central Philippine University, 1981.
- Nelson, Linnea A. at John E. Skoglund. *Eric Lund: Apostle to the Philippines*. Central Philippine University, 2000.
- Nolido, Reinaldo M. “History of the Church.” *Bacolod Evangelical Church Book of Remembrance (1902–2002)*. Bacolod Evangelical Church, 2002.
- Potts, E. Daniel. *British Baptist Missionaries in India, 1793–1837: The History of Serampore and Its Missions*. Cambridge University Press, 1967.
- Regalado, Felix B. at Restituto A. Ortigas, mga ed. *CPBC Book of Remembrance: Golden Jubilee Number 1900–1950*. Convention of Philippine Baptist Churches, 1950.
- Remitio, Vicente T. *Darkness Turned to Dawning: The Story of My Life*. Central Philippine University, 1979.
- Saulo, Alfredo B. *Let George Do It: A Biography of Jorge B. Vargas*. University of the Philippines Press, 1992.
- Sonza, Demy P. *Heritage, Heroes and History: Selected Speeches of Demy P. Sonza at the Provincial Board of Iloilo*. Madrazo Printers, 2016.
- Sunderland, James. “Baptist Achievements in Foreign Missions.” *Baptist Missionary Magazine* 78, blg. 1, Nobyembre 1897, mp. 547–550, 629–631, 663–665.
- Villan, Vicente C. “Lawas, Buut, Patugsiling, ‘ag Dungan: Isang Pag-unawa sa Papel ng Kinagisnang Sikolohiya sa Kasaysayang Kolonyal at Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896–1898.” *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* Tomo 19, blg. 2, 2013, mp. 73–110.
- . “Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896–1896.” *Diwa E-Journal* Tomo 1, blg. 1, Nobyembre 2013, mp. 58–92.